DepEd ADVISORY No. 92, s. 2012
In compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
February 17, 2012

SEMINAR-WORKSYAP SA PAGTUTURO SA UNANG WIKA (MOTHER TONGUE-BASED MULTILINGUAL EDUCATION) SA BAGONG K TO 12 KURIKULUM

Ang De La Salle University (DLSU) Departamento ng Filipino-Programa sa Intelektuwalisadong Filipino at Pagsasalin (PIFPag) ay magdaraos ng **Seminar-Workshop sa Pagtuturo sa Unang Wika (Mother Tongue-Based Multilingual Education) sa Bagong K to 12 Kurikulum** sa magkakahiwalay na petsa at lugar:

Petsa	Rehiyon	Lugar
Abril 11, 2012 (Miyerkules)	NCR, MIMAROPA at CALABARZON	El Grande Resort and Hotel, Lipa Batangas
Abril 25, 2012 (Miyerkules)	Iloilo	Westown Hotel, Iloilo City
Abril 30, 2012 (Lunes)	Cebu	San Carlos University Cebu City
May 12, 2012 (Sabado)	Ilocos	Plaza del Norte Hotel and Convention Center, Paoay Ilocos Norte
May 19, 2012 (Sabado)	Bicol	Bicol University, Legaspi City

Ang layunin ng Seminar-Worksyap ay ang mga sumusunod:

1. magabayan at mabigyan ng kaukulang pagsasanay ang mga guro ng Kinder hanggang Grade 3 para sa pagtuturo ng asignaturang Multilingual Education (MLE) o Wikang Filipino, Araling Panlipunan, Mathematics, Science at MAPE;
2. magkaroon ng pakitang-turo sa piling araling nabanggit gamit ang unang wika; at
3. talakayin ang Framework ng MLE, 21st Century Skills at paghahanda ng materyal-panturo ayon sa local na kuluta at sa makabagong panahon ng mag-aaral.

Ang rehistrasyon ay nagkakahalaga ng Isang Libo at Dalawang Daang Piso (PhP1,200.00). Ang bayad sa *early bird registration* ay Isang Libong Piso (PhP1,000.00) para sa mga magbabayad hanggang Marso 31, 2012. Para malaman kung saan at kung paano magbabayad, maaaring tingnan ang detalye sa website: www.pifpag.co.cc. Nakalaan ang halaga para sa mga materyales sa pagsasanay, tanghalian at meryenda (2), sa buong araw at para rin sa honorarya ng mga ekspertong iskolar sa wika at mga larangan na iimbitahan.

Para sa iba pang impormasyon, ang lahat ng mga interesado ay maaaring makipag-ugnayan kay:

Grace Lopez
Telepono Blg.: (02) 524-4611 lokal 509
Telepono Blg.: (02) 524-4611 lokal 328
Telefax Blg.: (02) 524-4611 lokal 552